

County ng San Diego

Patnubay sa pagdiriwang ng Kapistahan sa Taglamig

Sa panahon ng COVID-19 na Pandemiko

Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at siguraduhin na manatiling ligtas ang mga pamilya sa panahon ng selebrasyon ng 2020 na kapistahan sa taglamig, ang County ng San Diego ay naghahandog ng patnubay para sa pinakaraniwang mga aktibidad.

Mga Aktibidad ng Kapistahan sa Taglamig

Rinerekomenda

- Ang pamimili nang online para sa mga regalo sa kapistahan o mga gift cards, at online na mga aktibidad.
- Drive-through na mga kaganapan o pabaliktad na mga parade kung saan ang mga nakikikilahok ay hindi umaalis sa kanilang sasakyan.
- Ipadala ang nakaayos na pagkain o mga sangkap sa pamamagitan ng online food delivery na serbisyo at kumain ng salo-salo nang virtual.
- Charity na aktibidad na mga pagkain at magbigay ng donasyon na pagkain sa isang drive-through na pantries, lokal na food drives, o online food bank fundraisers.
- Kapistahan – o Taglamig –na –Temang mga panuod sa gabi at pag-ayos ng dekorasyon sa tahanan.
- Kumuha ng flu shot upang protektahan nag iyong sarili at bawasan ang komplikasyon mula sa trangkaso o virus ng COVID-19.

Hindi Rinerekomenda

- Ayon sa [mga konsiderasyon sa paglalakbay ng Centers for Disease Control and Prevention \(CDC\)](#), ang paglalakbay ay nagpapataas ng tyansa na makakuha at makakalat ng COVID-19. Ang pananatili sa tahanan ang pinakamabuting paraan upang protektahan ang iyong sarili at ang iba.

Hindi pinapayagan

- Ang pagtitipon sa mga miyembro ng ibang sambahayan ay ipinagbabawal maliban kung pinapayagan ng [Kautusan na Manatili sa Tahana ng Rehiyon](#).
- Ang mga karnabal, piyesta, at live entertainment ay hindi pinapayagan dahil sa malapitang pakikisalamuha na nagpapataas sa panganib ng impeksyon.
- Ang ice skating rinks ay hindi pinapayagan at ito ay nangunguna sa maraming mga bisita mula sa ibat-ibang sambahayan kung saan mahirap ang pisikal na pagdistansiya ng 6 na talampakan .

Mas Ligtas na Alternatibo

Maraming mga aktibidad ng kapistahan sa taglamig ay maaaring mataas-na-panganib sa pagkalat ng virus. Mayroong mas ligtas, na alternatibong mga paraan upang magdiwang at kasama ng sumusunod :

- Malayuang mga palaro at mga aktibidad upang palitan ang tradisyonal na in-person na libangan.
- Pag-drive sa mga miyembro ng iyong sambahayan sa iyong sasakyan upang makita ang ilaw at dekorasyon ng kapistahan.
- Pakikilahok sa isang taglamig- o kapistahan na temang virtual run, hike, o pagsakay sa bisikleta.
- Bisitahin si Santa, o ibang mga anyo ng kapistahan, at lokasyon na naghahandog ng karanawasan nawalang naghahawak lamang.
- Bertwal na palitan ng regalo kung saan ang mga makikilahok ay maaaring sumunod sa mga khakbang ng personal na proteksyon bago ang malayuang pagbigay at pagtanggap ng regalo.

Personal na Proteksyon na mga Hakbang

Paano mo man ipagdiriwang, patuloy na sundin ang sumusunod na [Kautusan ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng San Diego](#), [Patnubay ng Kapistahan ng CDPH](#), [Patnubay sa Kalusugan ng Departamento ng Pamublikong Pangkalsugan](#), at ang [Mga Patnubay sa Kapistahan ng CDC](#). Upang manatiling ligtas sa panahon ng kapistahan ng taglamig 2020, tandaan na:

- Maghugas ng kamay o maglinis ng iyong kamay nang madalas, at linisan ang mga madalas na nahahawakan na mga bagay nang regular.
- Iwasan ang malapitang pakikisalamuha – manatiling 6 na talampakan mula sa ibang tao na hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Iwasan ang panloob an espasyo na hindi pinapayagan ang pagdistansiya ng 6 na talampakan sa pagitan mo at ang iba.
- Tamang pagsuot ng [nararapat na pantakip sa mukha](#) sa iyong bibig at ilong kapag nasa labas ng iyong tahanan at sa paligid na hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Manatili sa iyong tahanan ay umiwas sa iba kung ikaw ay may sakit, may sintomas ng COVID-19, o may nakasalamuha na sinumun na may sakit o may sintomas ng COVID-19.
- Sundin ang mga direksyon kung ikaw ay inabiso na [magbuklod](#) o [quarantine](#).

Para sa mga katanungan , makipag-ugnay sa SafeReopeningComplianceTeam@sdcounty.ca.gov.



Binagong noong 12-09-2020

www.coronavirus-sd.com

